

Salaysay ni Bb. Dalia Nalliw

Dalia Nalliw, 23 taong gulang, taga-Bangaan, Ifugao, empleyado sa Ifugao Cultural Heritage Office (ICHO).

(*Ang Salaysay ni Bb. Dalia Nalliw ay kinuha noong noong ika-28 ng Hulyo taong 2018 sa Bangaan, Ifugao. Ang Salaysay ay kinuha ni Gg. Mohammad Rayyan M. Domado, Legal Assistant ni Attys. Hasminah D. Paudac at Grizelda Mayo-Anda, kasama si Bb. Desiree Llanos Dee at Gg. Albert Lozada.*)

Q1: Maaari mo ba kaming bigyan ng iyong maiksing personal na impormasyon?

A1: Ako ay nakatapos ng BS Information Technology sa Benguet State University. Ang tatay ko ay isang minero noon pero ngayon ay kinukuha bilang kontraktor sa pagsto-*stonewalling*. Ang nanay ko naman ay isang magsasaka kung saan nang-gagaling ang pinambubuhay sa amin. Ako ay kasalukuyang nagtatrabaho sa Ifugao Cultural Heritage Office (ICHO).

Q2: Ano ang katungkulan mo sa ICHO?

A2: Isa akong *Administrative Aide*. Isa ako sa mga nagpapatupad ng programa ng aming opisina na tinatawag na *School of Living Tradition* (SLT). Ang SLT ay binubuo ng tatlong *activities: stonewalling, handicrafts, at native songs and dances*.

Q3: Ano ang nag-udyok sa iyo bakit mo pinili ang trabaho mo ngayon?

A3: Ang kagustuhan ko na malaman ang tradisyon at kaugalian ng aming mga ninuno ang nagtulak sa akin na mahalín ang trabaho ko. Marami kasing hindi taga-rito ang nagtatanong sa akin. Nahihya ako kapag hindi ko nasasagot ang mga tanong tungkol sa sayaw, ritwal, bigas at sa iba't ibang aspeto tungkol sa kultura ng Ifugao. Dapat kasi matutunan ko yun para maibahagi ko sa ibang tao.

Q4: Ano ang ginagawa ninyo na patungkol sa kultura at tradisyon?

A4: Sinisubaybayan at tinutulungan namin ang mga *culture bearers* na naka-*assign* sa mga bata. Kapag may kaugnayan sa mga bata mula 11-15 na taong gulang ang programa namin, inuugnay namin sa Department of Education (DepEd), tapos sila na ang pumipili ng magiging *culture bearers*.

Q5: Ano ang *culture bearer*?

A5: Ang *culture bearer* ay ang taong tumutulong para ma-*preserve* ang kultura at tradisyon namin dito sa Ifugao.

Q6: Ano ang mga kwalipikasyon sa pagiging *culture bearer*? Masasabi mo ba na ikaw ay isang *culture bearer*?

A6: Opo, isa akong *culture bearer*. Wala pong kwalipikasyon basta may kaalaman ka at kaya mong ipamahagi ang nalalaman mo, isa ka ng *culture bearer*.

Q7: Sa iyong karanasan bilang *culture bearer*, may napansin ka bang nagbago sa inyong tradisyon?

A7: Ang tradisyon namin sa pag-aani na tinatawag naming *Baki o Rice Ritual* ay unti-unting nawawala na. Ang *Baki* ay nagaganap bago isagawa ang pagtatanim ng palay, bago at pagkatapos ng pag-aani. Sa mga mayayaman o mayroong malalaking lupa, baboy ang inaalay nila. Samantala, manok naman ng mga taong may kaunting kakayanan sa buhay.

Q8: Ano sa tingin mo ang dahilan kung bakit ang tradisyong *Baki* ay unti-unting nawawala na?

A8: Siguro dahil hindi na rin naobserverbahan ang isa naming tradisyon. Yang yung sabay-sabay na pagtatanim at pag-aani ng buong komunidad. Noon, kung sino ang pinakamayaman sa lugar at may malaking palayan, siya ang unang magtatanim bago ang komunidad. Eh ngayon, wala na. Kaya siguro naapektuhan ang *Baki*.

Q9: Sa iyong pananaw, bakit naiiba ang dating nakaugaliang tradisyon?

A9: Siguro dahil nawawalan na ng tiwala ang mga tao sa liit ng inaani. Minsan kasi pagod lang nakukuha sa pag-aani kasi mas maraming lakas ang inilalaan nila kumpara sa nakukuhang palay.

Q10: Bakit kaya nangyayari ito, sa tingin mo?

A10: Hindi naman ako sigurado pero baka may kinalaman ang paiba-ibang klima. Kung noon, naka-*schedule* ang pagtatanim at pag-aani nila, ngayon wala na kasi hindi na nila alam ang tamang oras ng pagtatanim at pag-aani. Dagdag pa rito ang malalakas na bagyo na tumatama sa aming lugar. Magkakakonektado kasi ang mga ito, eh.

Q11: Nasabi mo ang paiba-ibang klima. Maaari mo bang ilahad kung anu-anong pagbabago ang nararanasan sa inyong lugar?

A11: Una, ang pagguho ng lupa.. Dahil sa bundok kami nakatira, hindi namin maiiwasang makaranas ng paratihang pagguho ng lupa. Isang malakas na pag-ulan lang ay nagdudulot na ng pagguho ng lupa. Pangalawa, ang napabayaang palayan. Marami ng hindi nagtatanim sa kanya-kanyang palayan ngayon.

Q12: Nasabi mo kanina na ang pagsasaka ang bumubuhay sa inyong pamilya. Ano ang naging epekto, kung mayroon man, ng pagbabago ng klima sa inyong kabuhayan na pagsasaka?

A12: Kinakapos po kami sa pang-araw-araw na *budget*. Nahihirapan ako minsan kasi wala po akong *allowance* noon. Minsan nangungutang

ang nanay ko. Hindi sapat kasi ang inaani sa pangtustos ng pang-araw-araw na gastusin sa bahay. Buti na lang, isa po akong iskolar noong estudyante ako. Iyong tatay ko minsan ang nagbibigay kapag walang pang-*allowance*. Pero, sa gastusin sa bahay, apektado talaga. Kaya minsan, humihingi kami roon sa lola ko ng palay para ipakiskis lang namin at siyang makakatulong pantawid sa amin.

Q13: Sa mga pagkakataong ito, paano tinutugunan ng inyong mga magulang ang ganitong sitwasyon na kaunti ang ani?

A13: Nahihirapan ang tatay ko kasi nagkakasakit siya paminsan-minsan. Noong *college* ako, gustung-gusto ko na siya umuwi para makapagpahinga. Pero ayaw niya, eh. Ito rin ang rason bakit hindi nakapagtapos ng pag-aaral ang ibang kong kapatid. Minsan, si mama naman, namasukan sa DPWH ng tatlong buwan. Ang trabaho niya ay naglilinis at nagmementena sa kalsada.

Q14: Handa po ba kayong panumpaan ang salaysay niyong ito kung kinakailangan?

A14: Opo.



Dalia Malliw
August 14, 2018